

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-43 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 24 NOBYEMBRE 2003, IKA 0:16 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY LIBTONG.

Mga Dumalo:

Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Mae Arlene M. Talena
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Jovito D. Estrada
Konsehal Gemar C. Montesa

- Pansamantalang Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticas
Konsehal King Philip B. Dimapilla

- Tagapangulo

- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

**KAPASYAHAN BLG. 082
Taong 2003**

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG LIBTONG AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA NASABING BARANGAY.

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nagkaisang idaoos ang regular na sesyon sa ikalawa at ikaapat na Lunes ng bawat buwan sa mga barangay ng bayang ito;

SAPAGKAT ang ikalabingdalawang barangay na pinagdausan ng pulong ay ang Barangay Libtong na ginanap ngayong Nobyembre 24, 2003;

SAPAGKAT ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng Libtong at ilang mamamayan at dito'y nagkaroon ng maayos at makabuluhang pagdidiyologo ukol sa mga pangangailangan at mga proyektong ikaunlad ng barangay;

SAPAGKAT ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng Libtong at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawat mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may mahalagang bahaging ginagampunan.

Handwritten signature

SAPAGKAT ang Sangguniang Bayan ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng Libtong sa bumubuo ng Sangguniang Bayan at sa staff nito sa ginawang pagpupulong sa barangay ngayong Nobyembre 24, 2003.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng Libtong at sa mga mamamayan nito ang taustpusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at sa staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Nobyembre 24, 2003.


IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng Libtong, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Punong Barangay Salcedo A. Casildid para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinaglibay ng lahat 24 Nobyembre 2003


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


JESUS S. DELA CRUZ
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan